VN
VALENZUELA NGAYON
Ang Magasin ng Makabagong Valenzuelano
EXPRESS

LIBRE
Isyu 25
Disyembre 2018



# DANGAL TALINO GALING VALENZUELANO

02 GALING SA SERBISYONG PANGKAPAYAPAAN
06 GALING SA SERBISYONG PANG-EDUKASYON
20 GALING SA SERBISYONG PANG-EKONOMIYA

## Mga Nilalaman


**01 Punong Lungsod**
Galing Valenzuelano, Tuloy-tuloy ang Asenso!

**02 Serbisyong Galing Pangkapayapaan**
Sa Ligtas na Pamayanan, Susi ang Mamamayan
02 Ika-apat na Galing Pook Award, Nasungkit ng Valenzuela
02 Valenzuela, Pinakaligtas na Lungsod sa Bansa
03 De-Kalidad na Programang Pangkaayusan... Lalong Pinalalakas ang Lokal na Kapulisan
04 VC Cares: Comprehensive Drug Support Program
04 Matagumpay na Drug Conviction, May Insentibo
04 Drug-Free sa mga Tanggapan, Drug Cleared na mga Barangay

**05 Serbisyong Galing Pangkaayusan**
05 COMET: Mga E-Jeepney Aarangkada sa Valenzuela

**06 Serbisyong Galing Pang-Edukasyon**
06 Lungsod ng Valenzuela, Pinakamahusay na Lokalidad sa Larangan ng Edukasyon
07 Umaarangkadang Pagbabalik ng Balik Eskwela
07 College Admission Test Reviewer, Libre Para sa mga Valenzuelano
07 Tablet Para sa Aktibong Nanay-Teacher Parents
08 Pinansyal na Tulong, Ipinagkaloob sa mga Estudyante at Organisasyon sa ValMaSci
08 Cash Gifts, Handog sa mga Nagtapos sa Elementarya
08 Summer Reading Camp, Higit na Intensibo sa Ika-apat na Taon
09 Programa ng Lungsod sa Street Soccer, Sumipa Hanggang Ibayong Dagat
09 Little League, Pumalo na sa Ika-apat na Taon
10 Dagdag na Pasilidad Serbisyo, Alay sa Mag-aaral ng ValSped Center
10 Mas Komportableng Pasilidad sa Pagbubukas ng MEGA DayCare Center
10 Dagdag Pwersa Para sa Chikiting Food Patrol
11 Makabagong PLV Campus, Binuksan Na
11 Mag-aaral sa DayCare, Mga Awtor Na

**12 Serbisyong Galing Pangkaligtasan**
12 Go Bags Para sa Batang Handa sa Kalamidad at Sakuna
12 Huli Ka! Pampublikong Elementarya, Gwardyado na ng CCTV
12 Dagdag Kasanayan sa Emergency Response, Hatid ng Bantay Bata
13 VC, Umani ng Parangal sa Gawad Kalasag Awards 2018
13 Chemical Firetruck, Bagong Sandata Laban sa Sunog
13 Solar Panels sa Alert Center, Handa Na

**14 Pasko sa Hulyo Para Kay Lolo at Lola**

**15 Pamaskong Handog Para Kay Lolo at Lola 2018**

**16 Serbisyo sa Kagalingang Pantao**
16 Serbisyo sa may Kapansanan, Pinabilis ng Pagmamarka sa Tahanan
16 Valenzuela City, Nanguna sa Juvenile Justice & Welfare

**17 Serbisyong Galing Pangkalusugan**
17 Serbisyong Pangkalusugan, Hatid ng Bagong Health Station
17 Mas Pinahusay na Dialysis Center, Binuksan Na!
17 2018 Outstanding Local Health System Award

**18 Serbisyong Galing Pabahay**
18 Masustansyang Pagkakakitaan, Hatid sa Disiplina Village Bignay
18 Tuloy-tuloy ang Asenso sa Disiplina Village Bignay

**19 Serbisyong Galing Pang-Imprastraktura**
19 Mas Malapit ang Serbisyo sa Tatlong Bagong 3S Centers

**20 Serbisyong Galing Pang-Ekonomiya**
20 Bagong Bihis na Finance Building, Pinasinayanan
20 MAYNILAD at MERALCO One-Stop Shop, Nasa Valenzuela Na
21 Valenzuela Cooperative Development Office 2018 2nd Best Performing LGU Cooperative Development Office
21 Public Employment Service Office (PESO) Valenzuela 2nd National Best

**22 Serbisyong Galing Pangkalikasan**
22 Mga Bagong Trucks Para sa Malinis at Maayos na Valenzuela
22 Huli Ka! May Nakatingin sa Iyo
22 1st Place: Assessment of LGUs to the Compliance to the Manila Bay Clean-Up and Preservation Program (MBCRPP)

**23 Sari-Sari**
23 Serbisyo ng Pamahalaan Abot-Kamay na sa Project Ayos Center
23 Valenzuela Work Horses 1st Conference Open Division 2018 Metro Champion
24 VC Cares, Nagparating ng Tulong sa Albay at Benguet

**25 Bago Nating Kasangga sa Barangay**
25 Konsehal Ghogo Deato Lee, Liga ng mga Barangay President
25 Konsehala Chiqui Carreon, SK Federation President
26 Valenzuela People's Park, Wagi sa 2018 Haligi ng Dangal Awards
27 Walang Bitin sa Valenzuela Food Fiesta Christmas Bazaar 2018
28 Lighting of the Tree of Hope
29 Paskong Valenzuelano 2018



**VALENZUELA NGAYON**
Inilalathala simula Setyembre 2004

*Publisher* **City Government of Valenzuela**
*City Mayor* **REX Gatchalian**
*Chief-of-Staff* **Ulysses Aguilar**
*Public Information Officer/Editor-in-Chief* **Lauro Zyan F. Caiña**

*Writers*
**Janine Aguarino**
**Chatty Anne Decena**
**Melissa Halaba-Rapanut**
**Sharmaine Tan**

*Art Director*
**Joel A. Soriano**

*Photographers*
**Resty Robert N. Castro**
**Rafael Delfino**
**Percival De Guzman**
**Rodrigo C. De Guzman**
**Albert San Diego**

*Cover Portrait Photographer*
**Albert Sy**

*Contributing Photographer*
**Mark Lester Cayabyab**

*Digital Media Engagement Specialist*
**Frances Marion S. Salazar**

*Graphic Artist*
**Delo Monterde**

*Circulation Manager*
**Clairidy C. Pinto**

*Distribution*
**Ronald A. Delino**
**Apolinar A. Francisco**

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon** magasin ng Public Information Office at may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City.



valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
(02) 352-1000 local 1102
(02) 292-9168




***PABALAT:***

Pitong kabataang tubong Valenzuela ang umani ng tagumpay sa kani-kanilang larangan ngayon taon bilang mga Board Exam Topnotchers. Sila ang huwaran ng "Dangal, Talino, at Galing Valenzuelano!

*(Mula sa kaliwa, nakatayo)* KIER A. BAUGBOG, TOP 1, March 2018 Licensure Exam for Teachers (Secondary Level), Mula sa Barangay Malinta; LANZ A. CRUZ, TOP 5, October 2018 CPA Board Exam, Mula sa Barangay Maysan; DANIEL D. CABRALES, TOP 1, October 2018 Electronics Engineering Licensure Exam, Mula sa Barangay Bignay; LANCE B. FRANCISCO, TOP 2, September 2018 Respiratory Therapist Board Exam, Mula sa Barangay Ugong

*(Mula sa kaliwa, nakaupo)* MARY CHRISTINE V. LIWANAG, TOP 8, October 2018 Chemical Technician Licensure Exam, Mula sa Barangay Malinta; CHRISTINE JOY C. JACINTO, TOP 6, May 2018 CPA Board Exam, Mula sa Barangay Lingunan; at JIMZON V. ORNIDO, TOP 6, October 2018 Electronics Engineering Licensure Exam, Mula sa Barangay Bagbaguin. *(wala sa larawan)*

# GALING VALENZUELANO
# TULOY-TULOY ANG ASENSO!

Mga minamahal kong Valenzuelano, sa mga nakalipas na taon, sama-sama nating natunghayan ang magandang pagbabago at pag-asenso ng ating lungsod. Hindi ito naging madali. Maraming hamon ang ating sinuong – mga pagkakataong sumubok sa kakayahan ng Pamahalaang Lungsod at ng bawat Valenzuelano. Ngunit hindi ito naging dahilan upang tayo'y sumuko at tumigil sa paghahatid ng mga de-kalidad na serbisyo.

Sa katunayan, patuloy na pinararangalan ng mga pinakapipitagang institusyon at ahensya sa bansa ang ating lungsod sa iba't ibang larangan sa pagseserbisyo at pagpapalaganap ng mga programa. Maging ito man ay may kinalaman sa paghahatid ng serbisyong pangkalusugan, kagalingang pantao, edukasyon, kalikasan, at iba pa.

Ngunit nais kong higit na bigyang-diin ang ika-apat nating pagkilala mula sa Galing Pook Awards. Ito ay sa kadahilanang nakamit ng lungsod ang pagkilalang ito sa masugid ninyong pakikiisa sa ating mga makabuluhang programa. Sa itinampok nating programa sa patimpalak na ito na "Komprehensibong Safety and Security Plan" ng lungsod na "Tayo na, Mapayapang Valenzuela: Tuloy-tuloy ang Asenso!", ang mga bida at tagapagpaganap ay ang humigit-kumulang na 10,000 volunteers bilang Bantay Bayan, Bantay Sunog, Bantay Estudyante, City Ordinance Police, Anti-squatting at TAFFGIP volunteers.

Kayo ang tunay na nangunguna sa pagpapanatili ng kaligtasan at kaayusan sa ating mga komunidad. Kayo na aktibong nakikipagtulungan ang patuloy na nagiging susi sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng ating lungsod.

Buhay na patunay din sa tuloy-tuloy na asenso ng ating lungsod ang pangunguna ng mga Valenzuelano sa ibat-ibang larangan. Nitong nakaraang taong 2018, maraming mga kabataang Valenzuelano ang tumawid sa susunod na kabanata ng kanilang buhay sa pagpasa sa board examination sa kanilang napiling larangan. Ngunit pito sa kanila ay higit pang nakaangat bilang mga topnotchers. Sila ang nasa pabalat ng lathalaing ito.

Ang lathalaing ito ay isang taos-pusong pagbibigay-pugay sa kanila at sa lahat ng patuloy na naghahatid ng karangalan sa ating mahal na lungsod sa malaki man o maliit pamamaraan.

Ang mga kabataang Valenzuelanong ito, ang mga mahal nating volunteers at ang lahat ng mga Valenzuelanong nagsusumikap at nakikiisa sa adhikain ng ating lungsod ang nagpapasigla sa aming lahat sa lokal na pamahalaan upang higit pang pag-ibayuhin ang paghahatid ng mga de-kalidad na serbisyong ramdam ng bawat isa.

Hindi ako magsasawang sabihin na ipinagmamalaki ko ang bawat Valenzuelano. Kayo ang dahilan kung bakit naisasakatuparan natin ang ating mga adhikain. Kayo ang dangal, talino at galing sa likod ng tagumpay ng ating lungsod.

Muli, maraming salamat sa inyo na inspirasyon ko upang lalo pang pagbutihin ang aking trabaho bilang inyong punong-lungsod.

Mabuhay ang Galing Valenzuelano!

Mayor REX Gatchalian
Lungsod Valenzuela




Rodrigo de Guzman

# SA LIGTAS NA PAMAYANAN SUSI ANG MAMAMAYAN

## IKA-APAT NA GALING POOK AWARD, NASUNGKIT NG VALENZUELA




Nakuha ng Lungsod ang ika-apat nitong Galing Pook Award para sa programang pangkapayapaan na pinalakas ng higit sa 10,000 volunteers mula sa hanay ng Bantay Bayan, Bantay Sunog, Bantay Estudyante, City Ordinance Police, Anti-Squatting Task Force, at Task Force on Fraternities and Gangs Intervention and Prevention (TAFFGIP). Sila ang katulong ng kapulisan at mga sangay ng lokal na pamahalaan upang mapanatiling ligtas at mapayapa ang Lungsod ng Valenzuela.

Ang Valenzuela City Comprehensive Safety and Security Plan ay nahirang na isa sa "Sampung Natatanging Programa sa Lokal na Pamamahala" ng Galing Pook Foundation mula sa higit 300 kalahok na programa sa buong bansa.




### BANTAY BAYAN
- 2,300 volunteer police force multipliers
- Patrols and serves as look outs for inner communities in the wee hours of the day



### BANTAY SUNOG
- 2,704 volunteer community fire fighters
- Trained and equipped with fire extinguishers
- First line of defense in the community



### BANTAY ESTUDYANTE
- 280 Senior Citizens
- Safety and security of school children
- Stationed at different elementary schools




### CITY ORDINANCE POLICE
- 266 volunteers
- Authorized to issue ordinance violation receipt



### ANTI-SQUATTING
- 100 volunteers
- Guard disaster-prone areas and former informal settlements against squatting



### TAFFGIP Task Force on Fraternities and Gangs Intervention and Prevention
- 4,450 volunteers
- Settles disputes among fraternities and gangs
- Organizes more productive endeavors to devote their time

**NUMBEO**

**2018 Safety Index**

| Rank | City | Safety Index |
|---|---|---|
| 1 | Singapore, Singapore | 83.73 |
| 2 | Valenzuela, Philippines | 74.51 |
| 3 | Davao, Philippines | 71.23 |
| 4 | Chiang Mai, Thailand | 69.88 |
| 5 | Makati, Philippines | 60.44 |
| 6 | Baguio, Philippines | 58.38 |
| 7 | Bali, Indonesia | 56.92 |
| 8 | Cebu, Philippines | 56.15 |
| 9 | Penang, Malaysia | 54.87 |
| 10 | Hanoi, Vietnam | 53.17 |

## VALENZUELA, PINAKALIGTAS NA LUNGSOD SA BANSA
### PANGALAWA SA SOUTHEAST ASIA

**Idineklara ang Lungsod ng Valenzuela bilang pinakaligtas na lungsod sa Pilipinas at pangalawa sa Southeast Asia – naungusan lamang ng Singapore – ayon sa pinakahuling report ng online database na Numbeo.**

**Mababang Crime Level, Mataas na Safety Index**

Sa 25.21% crime index at 74.79% safety index, nahigitan pa ng lungsod ang sariling puwesto nang pumangatlo ito noon sa mid-2015 report ng nasabing website. Ayon dito, and crime index ay ang pagtatantya ng pangkalahatang antas ng krimen sa isang lungsod o bansa. Sa kabilang banda, ang mga lungsod na may mas mataas na safety index ay itinuturing namang ligtas. - *Chatty Anne Decena*


Rodrigo De Guzman (1, 2, 3, 4, 5); Resty Castro (6)

# DE-KALIDAD NA **PROGRAMANG PANGKAAYUSAN...**

## LALONG PINALALAKAS **ANG LOKAL NA KAPULISAN**



### World Class Police Headquarters at Community Precincts

Kilala ang lungsod sa pagtatayo ng mga progresibong imprastruktura. Kabilang sa mga ito ang Valenzuela City Police Station (VCPS) at mga Police Community Precinct (PCP) na matatagpuan sa mga barangay.

### K-9 Unit at Kennel

Ang lungsod Valenzuela ay isa sa iilang lokal na pamahalaan sa bansa na mayroong sariling Canine Kennel. Ang mga maseselang operasyon ng lokal na kapulisan, tulad ng aksyon kontra-terorismo at kontra-droga ay pinaiigting ng siyam na K-9 dogs na sinanay sa pag-amoy at pagtukoy ng pampasabog at ipinagbabawal na gamot. Nagtalaga ang lokal na pamahalaan ng mga bihasang handlers at trainers na sisigurong nasa tamang kondisyon ang bawat K-9 na may halagang PhP 350,000 bawat isa.






### Hinahasang Kasanayan ng Lokal na SWAT

Ang pagsasagawa ng refresher trainings, kaakibat ang probisyon ng mga armas para sa de-kalibreng kawani ng Special Weapons and Tactics (SWAT), ay ilan lamang sa mga paraan ng lungsod upang mapanatiling epektibo ang serbisyo ng lokal na kapulisan.

### 60 Bagong Police Cars

Garantisado ang mabilis na pagresponde sa mga operasyon gamit ang mga makabagong sasakyang kinabitan ng dashcams [dashboard cameras] at Global Positioning System (GPS) devices. Layon ng mga itong lalo pang palakasin ang presensya ng kapulisan sa buong lungsod.



### CCTV at Sariling Command Center

Gamit ang mga CCTV na nakakalat sa buong lungsod, lalong napaiigting ng lokal na kapulisan ang pagmamanman at pagpuksa sa ano mang banta ng krimen.


### Police Assistance Desk

Para lalong mapalawig ang police visibility at patunayan na laging handang maglingkod ang lokal na kapulisan, nakakalat sa mga matataong lugar ang mga PAD na nagsisilbing outpost nila na malalapitan ng mamamayan sa oras na may gumambala sa kaayusan.




## VALENZUELA CITY POLICE STATION

- Best City Police Station in NCR
- Unit with lowest percentage of Personnel Administratively Charged



## MAYOR REX GATCHALIAN

2018
Most Outstanding Mayor
*National Capital Region Police Office*

Special award to LGUs with immense contribution



# VC CARES
## COMPREHENSIVE ANTI-DRUG SUPPORT PROGRAM


1

## MATAGUMPAY NA DRUG CONVICTION, MAY INSENTIBO

Mula nang ilunsad ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela noong taong 2016 ang programa nitong pagbibigay pabuya sa mga pulis na labanan at matagumpay na makapagsasara ng mga kasong may kinalaman sa ipinagbabawal na gamot, may kabuuang 26 na pangkat na ang tumanggap ng pabuyang Php 100,000.

Ang *Reward System in Drug Cases Ordinance* o Batas Panlungsod Bilang 285, Serye ng 2016 ay naglalayong palakasin ang legalidad ng mga operasyong isinasagawa ng lokal na kapulisan. Hinihikayat nito ang kapulisan na aktibong dumalo sa kani-kanilang pagdinig at pag-uusig sa mga kaso. Sinuportahan ng Lungsod ang Kapulisan ng mga training sa pagpapatibay ng kaso at pagtatalaga ng katulong na mga abogado upang tumaas ang moral ng mga pangkat ng kapulisan upang ilaban ang mga kaso.

Umabot na sa 4,186 ang naisampang kaso na higit 1,000 porsiyento ng naisampang kaso bago ang taong 2016.

*- Chatty Decena*


## DATING LUGMOK SA BAWAL NA DROGA, BAGONG BUHAY SA ALAY NA KAPITAL


2

Aabot sa 162 benipisyaryong dating drug-dependents na nakinabang sa programang VC Cares Plus program ang tumanggap ng Php 20,000 tulong pinansyal matapos ang matagumpay na pagtatapos sa rehabilitation program ng pamahalaang lungsod. Maaari itong magamit ng mga graduates para sa pagsisimula ng maliit na negosyo upang tuluyang mapabuti ang kanilang buhay.

Ang programa ay bahagi ng 18 buwan after-care program sa mga nagsipagtapos sa center based at community based rehabilitation program ng lungsod.

*- Chatty Anne Decena*



**Valenzuela Anti-Drug Abuse Council**
**1st Place**
City/Municipality Anti-Drug Abuse Council Functionality Audit 2017

**Local Government of Valenzuela**
Commitment in implementing anti-drug advocacy campaign and intensified war against illegal drugs.

**Valenzuela City**
**100 Points**
2017 Anti-Drug Abuse Council Performance Audit



## DRUG-FREE SA MGA TANGGAPAN, DRUG-CLEARED NA MGA BARANGAY

Bunga ng pagtutulungan ng lokal na pulisya, pamahalaang lungsod ng Valenzuela, at ng bawat Valenzuelano, idineklara ng Department of the Interior and Local Government (DILG) at ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) matapos makapasa sa mga pamantayan ng Section 8 ng Dangerous Drugs Board (DBB) Regulation No. 2, Series of 2017, o ang *"Strengthening the Implementation of Barangay Drug Clearing Program"* na: kawalan ng supply, aktibidad ng pagbibiyahe ng bawal na gamot; laboratoryo ng bawal na gamot at bodega; chemical warehouse; lugar ng pagpapatubo ng marijuana; drug den; drug pusher; tagapagtanggol, tagapagkanlong o financier; at gumagamit ng bawal na gamot.

### DRUG-CLEARED BARANGAYS

1. Lawang Bato
2. Mapulang Lupa
3. Paso de Blas
4. Wawang Polo
5. Tagalag
6. Coloong
7. Arkong Bato
8. Pariancillo Villa
9. Polo
10. Poblacion
11. Isla
12. Parada
13. Maysan

Gayundin, 32 sa 33 barangay sa Valenzuela ang idineklara na bilang **"Drug-free Workplace"** barangay matapos pumasa sa mga pamantayang nakasaad sa Section 3 ng Dangerous Drugs Board (DBB) Regulation No. 2, Series of 2007 na pagsulong ng Workplace Anti-Drug Abuse Policy, ang pagbuo ng *Workplace Anti-Drug Abuse Committee (WADAC)*, paglathala at pagpirma ng lahat ng empleyado sa polisiya, pagsasagawa ng *Anti-Drug Abuse Orientation* sa mga empleyado, at pagsailalim sa *drug test*. Sa mga susunod na araw, maidedeklara na rin ang Barangay Marulas bilang drug free workplace barangay pagkaraan nitong maproseso ng mga requirement.

*- Chatty Decena*


4

**DRUG-FREE** WORKPLACE


Rodrigo De Guzman (1, 2, 3); Resty Castro (4)

SERBISYONG GALING PANGKAAYUSAN

# COMET

## MGA E-JEEPNEY, AARANGKADA SA VALENZUELA




Inilunsad ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela ang kauna-unahang all-electronic public transport system sa bansa, ang COMET 3. Layon ng proyektong ito na makapaghatid ng mas komportable, ligtas at mabilis na pagbyahe sa bawat Valenzuelano.

Sa pakikipagtulungan sa Global Electronic Transport (GET), ang bawat isang yunit ng COMET 3 ay kayang magsakay hanggang 30 katao sa bawat byahe. Sa pamamagitan naman ng COMET Rides app, cashless na ang pagbabayad ng pamasahe. Kailangan lang itong lagyan ng load gamit ang over-the-counter cash transaction sa terminal o sa mismong COMET e-jeep, o over-the-air credit/debit card transaction. Maaari ring masusubaybayan ang lokasyon nito sa pagtingin sa nasabing app.

Sadyang ginawa rin ang COMET upang maging Persons With Disability (PWD) at women-friendly. Malawak ang espasyo sa loob kung saan hindi na kailangang yumuko ng mga kababaihan at maayos na makakaakyat ang mga may kapansanan gamit ang rampa sa pinto nito.

Mayroong 10 COMET stop sa kahabaan ng MacArthur Highway, mula Malanday hanggang Marulas. Hihinto rito ang COMET 3 sa loob lamang ng 30 segundo.

*- Chatty Decena*












## MMDA's NUMBER CODING SCHEME

**Sa mga sumusunod na kalsada sa Lungsod ng Valenzuela:**

1. MacArthur Highway
2. Maysan - Paso De Blas - Bagbaguin Road
3. Karuhatan - Gen. T. De Leon Road
4. Gov. I. Santiago Road (Malinta to Tatawid)
5. Mindanao Avenue (Barangay Ugong)
6. East and West NLEX Service Road
7. T. Santiago Road
8. Sapang Bakaw (Lawang Bato) - Punturin - Bignay Road

LUNES hanggang BIYERNES

**MACARTHUR HIGHWAY**
**7:00 AM hanggang 8:00 PM**

IBA PANG KALSADANG NABANGGIT:
7:00 AM hanggang 10:00 AM | 3:00 PM hanggang 8:00 PM

Suspended lamang ito sa araw na itinalagang HOLIDAY.

| DAY | PLATES ENDING NUMBERS |
|---|---|
| Monday | 1, 2 |
| Tuesday | 3, 4 |
| Wednesday | 5, 6 |
| Thursday | 7, 8 |
| Friday | 9, 0 |

*Ang paglabag ay may kaakibat na multa.*

## TRUCK BAN

Ordinance No. 113, Series of 2014 as per Executive Order No. 2018-076

### NO TRUCKS

along Maysan to Gen. Luis Road
along Gov. I. Santiago Road to Tatawid Bridge
along Karuhatan to Gen. T. De Leon Road

**Mula 6:00am hanggang 10:00am**
**Mula 5:00pm hanggang 10:00pm**

*Maliban kung Linggo at Holidays*


SEAL OF GOOD EDUCATION GOVERNANCE

Governance means steering the ship. In education, it implies the management of all forces to give every child a good education.

The Seal of Good Education Governance is awarded to a local government that effectively organizes all systems and processes in the delivery of basic education.

- Its Local School Board is reinvented.
- School Governing Councils are functional.
- More and more children are completing grade 6.
- Poor readers are helped to become better.
- Investments on programs that improve learning
- performance are increasingly made.

The Seal of Good Education Governance represents the empowerment of local governments in making the dreams of the Filipino children come true.

Synergeia USAID PLDT Smart




# SEAL OF GOOD EDUCATION GOVERNANCE 2018

## LUNGSOD NG VALENZUELA, PINAKAMAHUSAY NA LOKALIDAD SA LARANGAN NG EDUKASYON

Katunayan ng epektibo at mahusay na programang pang-edukasyon ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang dalawang bagong pagkilala: ang ikalawang Seal of Good Education Governance ng Lungsod mula sa Synergeia Foundation at United States Agency for International Development (USAID), at ang ikalawang puwesto sa kategoryang Highly Urbanized City sa 2018 National Literacy Award (NLA).

Bilang isa sa 17 awardees ng Seal, iginawad sa Lungsod ang PhP 1.5 milyong pisong communication package mula sa PLDT at Smart Telecommunications, PhP 100,000 mula sa Seaoil, mga kagamitan sa palaruan mula sa SGV, at mga libro mula sa Jesse Robredo Foundation. Iginawad naman ng Literacy Coordinating Council (LCC) ang premyong Php 80,000 sa Lungsod para sa 2018 NLA. - *Sharmaine Tan*



# 2ND PLACE NATIONAL LITERACY AWARDS 2018





Rodrigo De Guzman



# UMAARANGKADANG PAGBABALIK NG BALIK ESKWELA

Bilang paghahanda sa pagbubukas ng klase noong Hunyo 2018, namahagi ng libreng school supplies ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa **82,250** mag-aaral sa lahat ng pampublikong paaralan sa lungsod. Ang mga ito ay binubuo ng isang bagong disenyong backpack, mga libro, notebooks at iba pang school supplies.

Ang taunang Balik Eskwela Project ay bahagi ng Education 360 Degrees Investment Program at naglalayong maibsan ang pagliban sa klase ng mga bata dahil sa kakulangan ng gamit sa eskwela. - *Sharmaine Tan*









# COLLEGE ADMISSION TEST REVIEWER, LIBRE PARA SA MGA VALENZUELANO

Inilunsad ng pamahalaang lungsod ng Valenzuela, sa pangunguna ni Mayor REX Gatchalian ang College Admission Test reviewer na makakatulong sa senior high students upang makapasok sa mga pinakamahuhusay na kolehiyo at unibersidad sa bansa.

Hinikayat ni Mayor REX ang lahat ng mga estudyante na gamitin ang reviewer upang makapasa sa mga mahuhusay na pamantasan at makapag-aral nang libre, at huwag hayaang maging hadlang ang kakapusan sa upang maabot ang pangarap na makapagtapos.

Ang reviewer ay maaaring i-download mula sa opisyal na webpage ng lungsod: www.valenzuela.gov.ph. - *Sharmaine Tan*

# TABLET PARA SA AKTIBONG NANAY-TEACHER PARENTS

Bilang insentibo sa aktibong paglahok, ang mga magulang na nakapagtala ng 100 porsiyentong pagdalo sa Nanay-Teacher Parenting Camp ay nagkamit ng Samsung tablets na nagkakahalagang Php 8,000 para sa paaralan ng kanilang mga anak. Umabot sa 1050 tablet na ang naipamigay sa mga pampublikong paaralan sa sekondarya. Nagagamit na ito ng mga mag-aaral sa kanilang pananaliksik.

Ang Nanay-Teacher Parenting Camp ay naglalayong mahikayat ang mga magulang na makipagtulungan sa mga guro na linangin ang taglay na husay akademiko at mabuting pagkatao kanilang mga anak. - *Sharmaine Tan*





# PINANSYAL NA TULONG IPINAGKALOOB SA MGA ESTUDYANTE AT ORGANISASYON SA VALMASCI

Nakatanggap ng Php 1,500 monthly allowance ang mga indigent o mahihirap na estudyante ng Valenzuela City School of Mathematics and Science (Valmasci). Umabot naman sa Php PhP 150,000 kada taon ang ipinagkaloob sa mga organisasyong nakatuon sa asignaturang matematika at agham. Habang nasa Php 50,000 naman ang ibinigay sa pinagkaloob sa iba pang mga organisasyon na na maaari naman nilang ilaan na pondo sa pagsali sa mga seminar, training at patimpalak.

Matatandaang malimit na mag-uwi ng karangalan ang mga mag-aaral ng Valmasci mula sa iba't ibang patimpalak sa bansa at sa ibayong dagat

*- Sharmaine Tan*





# CASH GIFTS HANDOG SA MGA NAGTAPOS SA ELEMENTARYA

Aabot sa 18 milyong piso na tulong pinansyal ang inilaan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela para sa lahat ng 11,952 estudyanteng nagtapos sa elementarya mula sa 41 pampublikong paaralan sa lungsod noong Marso 2018.

Ang bawat estudyante ay nakatanggap ng Php 1,500 bilang insentibo, na maaari nilang gamitin sa mga karagdagang gastusin na kaakibat ng paghakbang sa mataas na paaralan.

*- Sharmaine Tan*



# SUMMER READING CAMP, HIGIT NA INTENSIBO SA IKA-APAT NA TAON

Umabot sa kabuuang 18,651 mag-aaral ang nakilahok sa ika-apat na taon ng Summer Reading Camp noong Abril hanggang Mayo 2018.

214 na mga mag-aaral na hirap sa pagbasa ang sumailalim sa dalawang araw na pre-assessment ng 11 guro mula sa DepEd Valenzuela at tatlong katuwang mula sa Synergeia Foundation. Ginamit ng mga assessor ang iba't ibang mga materyales upang makita ang antas ng pang-unawa ng mga bata sa binabasa, tulad ng average cognitive ability test na naka-pattern sa kanilang edad.

Matapos ang mga sesyon, ang ilang mga nanatiling hirap magbasa ay tinutukan sa one-on-one sessions upang hindi sila mapag-iwanan ng kanilang mga kamag-aral na tumalas na sa pagbabasa.

Ang Summer Reading Camp ay isa sa mga inisyatibo ng pamahalaang lungsod sa ilalim ng Education 360 Degrees Investment Program na naglalayong pabutihin nang lubusan ang pampublikong sistema ng edukasyon sa lungsod. *- Sharmaine Tan*

**Hanay ng mga paaralan sa Reading Comprehension matapos ang 2018 Reading Camp:**

1. Tagalag Elementary School
2. Constantino Elementary School
3. Roberta de Jesus Elementary School
4. Lawang Bato Elementary School
5. Coloong Elementary School





# PROGRAMA NG LUNGSOD SA STREET SOCCER, **SUMIPA HANGGANG IBAYONG DAGAT**





Nagbunga ang mga pag-eensayo at pagsisikap ng mga batang manlalaro ng street soccer sa pagkapanalo ng kanilang koponan laban sa mga dating kampeon mula sa Lungsod ng Quezon sa ginanap na 2nd Laos FC Invitational Street Soccer. Naipadala rin ang koponan bilang kinatawan ng Filipinas sa Gothia Cup 2018 na ginanap sa Qingdao, China noong Agosto.

Maituturing na malaking tagumpay ang pagpapakilala ng sports na ito sa kabataang Valenzuelano na naglalayong turuan sila ng disiplina, tiyaga, at kahalagahan ng teamwork. Sa ikalawang taon nito ay nakapagtala ng halos 5,000 kalahok mula sa Grade 2 at 5 ang programa. - *Sharmaine Tan*









# LITTLE LEAGUE, PUMALO NA SA IKA-APAT NA TAON











Nagtala ng 4,843 na mga kalahok mula Grade 3 at 4 ang ika-apat na taon ng Little League. Simula nang inilunsad ang Little League noong taong 2015 bilang isa sa mga mahahalagang sangkap ng Education 360 Degrees Investment Program, marami nang kabataan ang sumali sa pakikipagtagisan ng lakas at galing sa paglalaro ng baseball.

Layon ng programang linangin hindi lamang ang kaisipan at kakayahan ng mga kabataan, kundi maging ang kanilang kalusugan at pakikipagkapwa-tao. Bukod sa regular na pagsasanay ng mga mag-aaral sa baseball, nagkakaroon din ng mga friendly game ang bawat koponan na nagpapakita ng kanilang kapasidad bilang isang manlalaro at mabuting Valenzuelano.

- *Sharmaine Tan*









## DAGDAG NA PASILIDAD SERBISYO, ALAY SA MAG-AARAL NG VALSPED CENTER

Patunay ang bagong Aqua Therapy Pool at Gross Motor Development Area sa Valenzuela Special Education (Valsped) Center na lahat ng bata ay binibigyan ng pantay na oportunidad ng lungsod. Ang mga pasilidad na ito ay naglalayong tulungan ang mga batang may espesyal na pangangailagan na mamuhay nang normal.

Ang 1.5 Milyong pisong pasilidad sa Valsped na tanging public therapy pool sa Kalakhang Maynila ay epektibo sa pagpapabuti ng balanse at muscle tension ng mga bata. Kaakibat naman nito ang 5 Milyong pisong Gross Motor Development Area na tumutulong sa in-house physical therapists na linangin ang pisikal na kakayahan ng bawat bata at sanayin sila sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paglalakad at pagtakbo. - *Sharmaine Tan*

## MAS KOMPORTABLENG PASILIDAD SA PAGBUBUKAS NG MEGA DAYCARE CENTER

Muling pinakita ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang dedikasyon sa pagtataguyod ng de-kalidad na edukasyong abot-kaya ng bawat Valenzuelano sa pagbubukas ng bagong Mega Daycare Center sa Barangay Gen. T. de Leon noong Hulyo.

Malaking tulong ang 3.2 milyong pisong daycare center upang lumuwag sa 3S Daycare Center na sa kasalukuyan ay mayroon nang 571 mag-aaral. Ang bagong gusali na may dalawang palapag ay may nakalaan ding espasyo para sa playground.

Binuksan din ang karagdagang dalawang daycare center sa Disiplina Village Bignay noong Nobyembre. - *Sharmaine Tan*








**DISIPLINA VILLAGE BIGNAY**
DAY CARE CENTERS








## DAGDAG PWERSA PARA SA CHIKITING FOOD PATROL

Naglaan ng 1.7 Milyong piso ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela bilang suporta sa Chikiting Food Patrol, ang feeding program sa daycare centers sa lungsod. Ang nasabing halaga ay ginamit upang madagdagan ang mga sasakyang naghahatid sa daycare centers ng masusustansyang pagkain mula sa Central Kitchen ng lungsod. Malaki ang maitutulong ng apat na bagong sasakyan para mapabilis ang pagtugon sa nutrisyunal na pangangailangan ng mga bata. - *Sharmaine Tan*

# MAKABAGONG PLV CAMPUS, BINUKSAN NA



Bilang bahagi ng pagnanais ng Lungsod ng Valenzuela na makamit ng mga Valenzuelano ang de-kalidad na pampublikong edukasyon sa kolehiyo, binuksa ang 361.6 milyong pisong kampus ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) sa Tongco Street, Barangay Maysan.

Ang 1.7-ektaryang modernong paaralan ay nagtatampok ng mga makabagong pasilidad tulad ng mga laboratoryo, University Library, audio-visual room, maluluwag na silid-aralan, at student's lounge kung saan maaaring magpahinga ang PLVians mula sa pang-araw araw na hamon ng buhay estudyante.

Kasabay ng pagbubukas ng kampus ay ang pagpapakilala sa bagong simbolo ng kahusayan ng unibersidad sa larangang akademiko – ang "Suhay Husay" na obra ng yumaong iskultor na si Eduardo Castrillo na dating nasa bakuran ng Radyo ng Bayan sa Barangay Marulas.

Ipinakilala rin ang PLV World Card, ang radio frequency identification (RFID)-enabled cards na nagsisilbi ID ng mga estudyante at tiket sa natatanging mga serbiyo tulad ng online university records, class schedule at university advisories. Nagsisilbi rin itong discount card sa mga establisyimento sa loob at labas ng kampus.

*- Sharmaine Tan*

# MAG-AARAL SA DAYCARE, MGA AWTOR NA

Produkto ng programang First Steps to Engage Reading (FSER) sa pagtutulungan lokal na pamahalaan at Bagong Kulturang Pinoy (BKP) na naglalayong itaguyod ang kultura ng pagbabasa at pagkatuto sa mga bata, inilunsad ang 13 natatanging storybooks na gawa ng mga mag-aaral sa daycare

May kabuuang 13 mga klase mula sa anim na daycare centers sa buong lungsod ang binigyan ng workshop sa paggawa ng storybook. Pagkaraan nito, nilikha ng mga bata ang kanilang sariling mga akda sa gabay ng kanilang guro. Inilathala ng lokal na pamahalaan ang mga aklat para sa bawat estudyante at gagamitin sa mga klase.

Ang pilot Daycare Centers para sa proyekto ay: 3S Bignay, Disiplina Village Ugong, 3S Dulong Tangke Malinta, 3S Gen. T. De Leon, Mabolo at Maysan. - *Zyan Caiña*

















## GO BAGS PARA SA BATANG HANDA SA KALAMIDAD AT SAKUNA

Sa mas pinaigting na paghahanda laban sa pinsala ng mga posibleng sakuna, namahagi ng Disaster Preparedness Go Bags ang Pamahalaang Panlungsod ng Valenzuela sa mga pampublikong paaralan sa pangunguna ni Mayor Rex Gatchalian at ng Valenzuela City Disaster Risk Reduction at Management Office.

Ang bawat Go Bag ay sadyang ginawang matibay at hindi nababasa upang masigurado na magagamit ito sa mahabang panahon. Mayroon itong lamang first aid materials, tubig, energy bar, flashlight at iba pang kagamitan na maaring magamit sa oras ng sakuna. - *Melissa Rapanut*







## DAGDAG KASANAYAN SA EMERGENCY RESPONSE HATID NG BANTAY BATA

Upang maging handa ang lahat ng Valenzuelano sa oras ng sakuna, nakipagtulungan ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa programa ng Bantay Bata 163 ng ABS-CBN Lingkod Kapamilya Foundation, Inc. na paghusayin ang kaalaman at kakayahan ng mga guro sa Grade 1 at 2 ukol sa tamang pagresponde tuwing may emergency tulad ng sunog at lindol.

Ayon sa mga pag-aaral, maraming bata ang natataranta sa harap ng mga sakuna at iyon ang nais alisin ng nasabing programa. Nagtagal ng tatlong buwan ang pagsasanay ng mga guro na siya naman nilang itinuturo sa mga mag-aaral.

- *Melissa Rapanut*








## HULI KA! PAMPUBLIKONG ELEMENTARYA, GWARDYADO NA NG CCTV

Dagdag seguridad ang hatid ng mga bagong CCTV na natanggap ng mga eskwelahan mula sa Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela bilang insentibo ng mga magulang sa kanilang aktibong partisipasyon sa Nanay Teacher Program.

Ipinamahagi sa mga eskwelahan ang CCTVs, LED Television sets at photocopiers na may 75 hanggang 99 porsiyentong paglahok sa Nanay-Teacher Parenting Camp.

- *Melissa Rapanut*



 Rodrigo De Guzman

# VALENZUELA CITY, UMANI NG PARANGAL SA GAWAD KALASAG AWARDS 2018

Muling binigyang pagkilala ang mga programang pangkaligtasan sa Lungsod ng Valenzuela nang mag-uwi ito ng mga parangal sa Gawad Kalasag (KAlamidad at SAkuna Labanan, Sariling Galing ang Kaligtasan) Awards 2018.

**2nd Place** – Best in Government Emergency Management Services
Valenzuela City Disaster Risk Reduction and Management Office

**1st Place** – Public High School Category
Bagbaguin National Highschool

**1st Place** – Best Barangay Disaster Risk Reduction and Management Council
Barangay Mapulang Lupa Valenzuela City

**1st Place** – Private Schools Category
San Diego Parochial School

**3rd Place** – Public Elementary School Category
Pio Valenzuela Elementary School




Ang mga pagkilalang ito ay patunay sa patuloy na pagsisikap ng lungsod na pag-ibayuhin ang paghahanda sa panahon ng sakuna at kalamidad.
*- Melissa Rapanut*







# CHEMICAL FIRETRUCK
## BAGONG SANDATA LABAN SA SUNOG

Mas pinalakas ng lungsod ang kakayahang rumesponde sa mga sunog sa pagdating ng bagong Chemical Fire Truck na nagkakahalagang PhP 22 milyon. Ang naturang ChemTruck ay nagtataglay ng aqueous film-forming o AFFF foam na epektibong panlaban sa matinding sunog na nagsimula sa mga kemikal. Kaya din nitong mag-imbak ng hanggang 6,500 litro ng tubig - mas malaki kumpara sa kapasidad ng karaniwang firetruck na 4,000 litro.
*- Melissa Rapanut*






# SOLAR PANELS SA ALERT CENTER, HANDA NA

Tuloy ang pagresponde sa panahon ng sakuna dahil sa 288 solar panels na nakalagak sa ALERT Center na pinagmumulan na ng 70 porsiyento ng kuryenteng gamit ng gusali. Pinatatakbo ng 19 milyong pisong pasilidad ang mga ilaw at tatlong air-conditioning units para sa Main Server at Monitoring Center ng gusali. Nakakapag-ipon din ito ng kuryente na magsisilbing emergency power supply upang hindi maantala ang paghahatid ng de-kalidad na serbisyo sa harap ng mga kalamidad.
*- Melissa Rapanut*





# Pasko sa Hulyo para kay Lolo at Lola 2018

Umihip nang maaga ang simoy ng Pasko sa Lungsod ng Valenzuela noong Hulyo 21 hanggang 29, 2018 dahil sa mas pinaagang pamaskong tig-dalawang bag ng limang kilong bigas para sa tinatayang 50,830 senior citizens sa Lungsod ng Valenzuela.

Rodrigo De Guzman


















# Pamaskong Handog para kay LOLO at LOLA 2018




Sa ika-siyam na taon ng pamamahagi ng Pamahalaang Lungsod ng pamasko sa mga senior citizen, umabot sa 54,000 lolo at lola ang tumanggap ng libreng Noche Buena packs. Ngayong taon, isinagawa ang pamaskong handog simula Disyembre 8 hanggang Disyembre 16 sa 33 barangay sa lungsod.

*- Chatty Anne Decena*















# SERBISYO SA MAY KAPANSANAN, PINABILIS SA PAGMAMARKA SA TAHANAN

Dahil prayoridad ang humigit-kumulang na 20,000 mga may kapansanan o persons with disability (PWD) sa lungsod, namahagi ang lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO) ng libreng kits na kinalalamnan ng kanilang bagong Purchase and Commodities Booklet, Medicine Booklet at information materials ukol sa kanilang mga karapatan; kasama ang PWD signage at ang kanilang bagong Valenzuelano PWD identification card.

Ang mga pulang signage na may simbolo ng PWD ay ikinabit sa pinto o gate ng kanilang bahay bilang tanda na may nakatira roon na prayoridad sa pagresponde sa oras ng sakuna at kalamidad. Ang kanilang mga bagong ID cards naman ay gawa na sa metallic PVC na maihahambing sa privilege cards ng ilang eksklusibong establisyamento. Water-resistant na at kontra-lukot pa. Hindi na kailangang ipa-laminate pa ng mga benepisyaryo. Naka-imbed na rin dito ang kanilang larawan at lagda o thumbmark. Ang bisa nito ay extended na hanggang limang taon.Lahat ng mga magpapatala bilang PWD sa lungsod ay makatatanggap ng parehong kit nang libre.

*-Janine Aguarino*






# LUNGSOD NG VALENZUELA CITY, NANGUNGUNA SA PAGTATAGUYOD NG JUVENILE JUSTICE

Nakamit ng Valenzuela City ang pinakamataas na parangal para sa natatanging pagpapatupad ng Republic Act 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act of 2006 sa pagdiriwang ng 7th Juvenile Justice and Welfare Consciousness Week noong Nobyembre 2018.

Ito ay bilang pagkilala sa dedikasyon ng lungsod na tulungan ang mga children in conflict with the law (CICL), partikular sa operasyon ng Bahay Pagasa, ang halfway home ng lungsod para sa mga youth offenders. Ang premyong natanggap ay gagamiting pambili ng mga computer at LCD projectors sa center. Magagamit ito ng mga residente para sa rehabilitasyon at pagpapaunlad ng iba't-ibang kasanayan sa buhay bilang paghahanda sa kanilang reintegration sa kanilang pamilya at komunidad. *- Janine Aguarino*






Resty Castro (1, 2); Mark Caybyab (3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10, 11)




# SERBISYONG PANGKALUSUGAN HATID NG **BAGONG HEALTH STATION**

Patuloy ang paglalapit ng serbisyong pangkalusugan sa mga Valenzuelano sa pagbubukas ng tatlong karagdagang health stations sa Disiplina Village Ugong, Sitio Cabatuhan at Lower Tibagan sa Barangay Gen. T. De Leon.

Ang mga makabagong pasilidad na pasok sa pamantayan ng Department of Health (DOH) at World Health Organization(WHO) ay naglalayong mapabilis at maging kumbinyente ang pagbibigay ng tulong medikal sa mga residente ng barangay pati na rin sa mga kalapit na lugar.

*-Melissa Rapanut*




3




2



4




5




6

# MAS PINAHUSAY NA **DIALYSIS CENTER,** BINUKSAN NA!

Kasabay ng pagdiriwang ng ika-149 na kaarawan ni Dr. Pio Valenzuela ay pinasinayaan ang mas pinahusay na Dialysis Center sa Valenzuela City Emergency Hospital noong Hulyo 13, 2018.

Mula sa dating 30 pasyente kada linggo, ngayon ay kaya na nitong tumanggap ng hanggang 145 pasyente. May inilaang ding 15 tablet para sa mga pasyente upang makapaglibang habang sumasailalim sa gamutan. Pinaligiran din ng CCTV ang dialysis center para sa mas maigting na seguridad.

Ang proyektong ito ay bahagi ng Joint Venture Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod at Premiere 101 upang mas pag-ibayuhin ang estado ng kalusugan sa lungsod. *-Melissa Rapanut*




## 2018 Outstanding Local Health System Award

## Outstanding LGU

National TB Control Program Implementation



SERBISYONG GALING PABAHAY








# KITANG-KITA ANG KITA SA PROYEKTONG **FARMKABUHAYAN SA DISIPLINA VILLAGE BIGNAY**



Patuloy na oportunidad para kumita ang hatid ng palago ng palago na Integrated Community Food Production o community vegetable farm at fishpond na pinamamahalaan ng ilang residente ng Disiplina Village Bignay na karamihan ay kababaihan.

Sa proyektong ito, tinuruan silang magtanim ng gulay at prutas pati na rin mag-alaga ng manok at isda na maaari nilang ibenta. Kamakailan ay pinasok na rin nila ang mushroom production.

Kumita na ang programa ng Php64,524 sa loob ng 10 buwang operasyon. Kalahati ng kita ay ginagamit sa pagsustento nito habang ang natitira ay pinaghahatian ng 60 aktibong miyembro nito. *- Melissa Rapanut*

## BAGONG TAYONG **PASILIDAD**


Multi-purpose Building


Housing Satellite Office



SK Office


2 Daycare Centers


Half-court


Elementary School Activity Center







# TULOY-TULOY ANG ASENSO SA DISIPLINA VILLAGE BIGNAY: **BAGONG TRANSPORT TERMINAL AT PUBLIC MARKET, BUKAS NA!**


Hindi lamang ang halos 3,000 pamilya sa loob ng Disiplina Village ang makikinabang sa agarang transportasyon at mga produktong mabibili sa Public Market kundi pati ang mga residente sa buong Barangay Bignay.

Ang Public Market na may kabuuang sukat na 1,113 metrong parisukat ay naging posible dahil sa Public-Private Partnership project ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela at pribadong sektor. Mahigit 250 pwesto para sa mga nais magtinda kasama ang isang sangay ng Budget King Supermarket ang pupuno sa nasabing pamilihan. Samantala, ang Transport Terminal ay maaaring umukupa ng may mahigit sa 10 PUV Units, 50 traysikel, at 50 motorsiklo.


Ang mga pasilidad ay produktong public-private partnership katuwang ang MQuad Property Corporation. *-Melissa Rapanut*


Percival de Guzman (1, 2, 3, 4); Rodrigo de Guzman (5, 6, 7, 8, 9, 10, 11, 12, 13, 14, 15)



# MAS MALAPIT ANG SERBISYO SA TATLONG BAGONG 3S CENTERS









Tatlong karagdagang Sentrong Sama-samang Serbisyo o 3S Center ang pinasinayaan sa loob ng taong 2018. Ito ang Dulong Tangke, Barangay Malinta at Pasolo 3S Center na pinasinayaan noong Hulyo, at Wawang Pulo 3S Center na pinasinayaan noong Nobyembre.

Umabot sa higit 50 milyong piso ang inilaan para sa pagpapatayo ng mga ito. Layon ng mga 3S Center na mailapit ang mga serbisyong City Hall sa mga bawat Valenzuelano.

Ang Dulong Tangke 3S Center ay mayroong health center, daycare center, ALS Center, multi-purpose hall, tanggapan ng barangay, tanggapan ng SK at istasyon ng pulis at bumbero. Mayroon din ng mga ito ang Wawang Pulo 3S Center maliban sa tanggapan ng SK. Samantalang health center, daycare center, ALS Center, multi-purpose hall at tanggapan ng barangay naman ang nasa Pasolo 3S Center.

*-Melissa Rapanut*



# KUMBINYENTENG SERBISYO HATID NG BAGONG BIHIS NA **FINANCE OFFICES**

Serbisyong mabilis at kumbinyente ang hatid ng mga bagong ayos na tanggapan sa Gusaling Geronimo Angeles o Finance Center. Ginawang mas maaliwalas pa ang Assessor's Office, Office of the Building Official, Zoning Office, Business Permit and Licensing Office, at Treasurer's Office. ttMayroong mga bagong upuan para sa mga taxpayers at counters para naman sa mas maginhawa at kumportableng pagbabayad ng buwis.


Ang Finance Center ang nagsisilbing one-stop shop ng mga tanggapang responsable sa pagpoproseso sa pagtatayo ng negosyo sa lungsod.

*-Janine Aguarino*

*"Mas **Kumbinyenteng** Pasilidad at Serbisyo sa binagong **Finance Center**"*


Business Permit and Licensing Office


Assesor's Office


Zoning Office



Office of the Building Official




## TANGGAPAN NG BUILDING OFFICIAL **ONE-STOP SHOP** NA RIN

Sa layong mapabilis ang pagpoproseso ng building permits at certificates of occupancyalinsunod sa mandato ng Joint Memorandum Circular (JMC) 2018-01, ng Department of Trade and Industry (DTI), Department of Public Works and Highways (DPWH), Department of the Interior and Local Government (DILG) at Department of Information and Communications Technology (DICT), inilagay na sa loob ng tanggapan ng Building Official ang mga representante ng mga tanggapang may kaugnayan upang maproseso ang mga ito, tulad ng Treasurer's Office, Zoning Office, Assessor's Office at Bureau of Fire Protection (BFP).

Naglaan na rin ng espasyo para sa helpdesk ng Maynilad at Meralco sa harap ng tanggapan ng Building Official. Tumatanggap at nagpoproseso ito ng aplikasyon sa linya ng kuryente at tubig.

Karagdagang serbisyo rin ang integrasyon ng pag-isyu ng barangay clearance na nagpapabilis sa proseso dahil hindi na kailangan pang tumungo ng mga aplikante sa kani-kanilang barangay.

Pinag-aaralan na rin ng tanggapan ang pagbuo ng online submission and processing system para sa mga nabanggit na permits. *-Janine Aguarino*



# 24 VALENZUELANO BENIPISYARYO NG DOLE LIVELIHOOD GRANT

Noong ika-3 ng Agosto, iginawad sa 24 Valenzuelano ang tulong pangkabuhayan sa ilalim ng DOLE Integrated Livelihood Emergency Employment Program (DILEEP).

Ang inisyatibong ito ay nabuo sa pagtutulungan ng DOLE-NCR CAMANAVA Field Office (CFO) at Public Employment Service Office (PESO) ng Lungsod ng Valenzuela sa kanilang pagsisikap na makagawa ng mas maraming trabaho sa pamamagitan ng self-employment.

Isang senior citizen ang nabigyan ng pagkakataong mag-umpisa ng bagong pagkakakitaan at 23 indibidwal na mayroon nang negosyo ang natulungan ng DILEEP.

Bukod sa mga ipinagkakaloob na livelihood grants, nagbigay din ang DOLE ng training sa paggawa ng business proposals at basic bookkeeping. *- Janine Aguarino*








## Valenzuela Cooperative Development Office

**2018 2nd Best Performing LGU Cooperative Development Office**
Highly Urbanized City Level

### SERBISYO SA TRABAHO AT KOOPERATIBA NG VALENZUELA, WAGI SA BUONG BANSA

Sa ikalawang sunod na taon, muling nakamit ng Public Employment Service Office (PESO) ng Lungsod ng Valenzuela ang National Best PESO award sa Highly Urbanized Category sa pagtatapos ng ika-18 Pambansang PESO Congress na ginanap sa SMX Convention Center sa Davao City noong ika-25 hanggang 27 ng Oktubre, 2018.

Dahil ito sa marubdob na pagpapatupad ng programang nagpapaunlad ng trabaho sa kani-kanilang lokalidad.

Itinanghal namang 2nd Best Performing LGU Cooperative Development Office sa bansa ang Valenzuela Cooperative Development Office (VCDO)sa Cooperative Development Authority Gawad Parangal 2018 sa ilalim ng Independent City/Highly Urbanized Category. Katibayan ito ng kasiglahan ng sektor ng kooperatiba sa lungsod sa tulong ng pamahalaang lokal.

*- Janine Aguarino*




## Public Employment Service Office (PESO) Valenzuela

**2017 National Best**

PayMaya

# NEW MARULAS E-MARKET

Kasabay ng nagbabagong mukha ng komersyo, ginawang mas kumbinyente para sa mga mamimili ang Marulas Market bilang kauna-unahang Digi-Palengke.

Sa pamamagitan ng PayMaya maaari ng mamili gamit ang QR Code sa mga piling pwesto ng bigasan, kainan, gulayan, maging sa mga isda at karne.

Mayroon ding load station sa loob ng palengke sa mga gustong mag load ng kanilang PayMaya account.

*-Melissa Rapanut*






# BAGONG DUMP TRUCKS PARA SA **MAS EPISYENTENG KOLEKSIYON NG BASURA**




Upang mas mapaigting ang pagpapalaganap ng kalinisan at kaayusan sa buong lungsod, nagdagdag ng 15 bagong dump trucks para sa Waste Management Office (WMO) ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela noong Marso 2018.

May katamtamang laki ang mga truck na ito kaya't mas maraming basura ang naikakarga at mas maraming ruta ang nadadaanan sa isang koleksyon. Sa ganitong paraan, nakatitipid sa diesel ang tanggapan. *-Janine Aguarino*



## BASURA CAMS MAGBABANTAY SA KALINISAN

Hindi lamang higit na magiging maliwanag at ligtas ang lungsod sa gabi sa pagkabit ng solar-powered street lights na may closed-circuit television (CCTV) cameras. Layon ng mga "Basura Cams" na ito na nakatayo sa iba't ibang barangay sa lungsod na manmanan 24/7 ang mga lugar na madalas pagtapunan ng basura at papanagutin ang mga nagkakasala sa pagdurumi sa komunidad. *- Zyan Caiña*

**1st Place**




DILG **2017** | **Assessment of LGUs to the Compliance to the Manila Bay Clean-up, Rehabilitation and Preservation Program (MBCRPP)** | **91.45%**

## VALENZUELA, **COMPLIANT SA MANILA BAY PROGRAM**

Kinilala ng Department of the Interior and Local Government (DILG) ang Valenzuela City na nagkamit ng 91.30 porsyento at nakakuha ng ikatlong puwesto sa Manila Bay Clean-up, Rehabilitation and Preservation Program (MBCRPP).

Ang MBCRPP ay nilikha batay sa nagpapatuloy na mandamus ng Korte Suprema na inilabas noong 2008 na nag-uutos sa DILG, kasama ang mga pangunahing ahensya, upang mapadali ang rehabilitasyon ng katubigan ng Manila Bay at ibalik ito sa klasipikasyon ng Class SB.

Ang ikalawang assessment compliance ay isinagawa mula Agosto hanggang Setyembre at ibinase sa apat na aspekto:1) Liquid Waste Management, 2) Solid Waste Management, 3) Informal Settler Families and Information, at 4) Education and Communication Campaigns. Taon-taon ay nasa Top 3 ang lungsod sa nabanggit na assessment. *- Janine Aguarino*

## LISENSYA AT DOKUMENTO MULA LTO AT PSA,ABOT KAMAY NA SA **PROJECT AYOS CENTER**

Simula Disyembre 2018, mas kumbinyente na ang mag-apply ng student license at mag-renew ng driver's license; gayundin ang pagkuha ng birth certificate, marriage certificate, death certificate, at certificate of no marriage (Cenomar) sa bagong bukas na Project Ayos Center na matatagpuan sa 3rd floor ng COMELEC Building (katabi ng Old Justice Hall) sa Barangay Malinta.

Sa kauna-unahang pagkakataon, nagkatulungan ang isang pamahalaang lokal, Land Transportation Office (LTO) at Philippine Statistics Authority (PSA). Naglaan ang Valenzuela City ng pasilidad, mga computer, at koneksyon sa internet para sa pagpapatakbo ng satellite offices ng LTO at PSA.

Alinsunod sa layuning ilapit ang mga serbisyo ng ilang mga ahensya ng pamahalaang nasyonal sa mga Valenzuelano, nakatakdang idagdag sa Project Ayos Center ang satellite office ng Professional Regulation Commission (PRC) upang mapagsilbihan ang mga propesyonal sa lungsod.

*-Janine Aguarino*







## **KOPONANG WORKHORSES** NG VALENZUELA, **KAMPEON NG METRO LEAGUE**

Sa iskor na 90-80, nakopo ng Valenzuela Workhorses ang tropeo sa kauna-unahang Metro League Open Division Basketball kontra Taguig Generals sa best-of-three finals match na ginanap sa Valenzuela City Astrodome sa Barangay Dalandanan noong Nobyembre 23, 2018.

Iginawad din ng Metro League tournament director na si Bonnie Tan ang mga tropeo kina Erwin Sta. Maria bilang Most Valuable (MVP) at kay City Sports Development Office Head at dating Konsehal Gerry Esplana bilang BestCoach. *- Janine Aguarino*




## #VCCARES SA ALBAY AT BENGUET

Matapos ang pag-aalburuto ng Bulkang Mayon sa Lalawigan ng Albay, nakibahagi ang Lungsod ng Valenzuela sa programang "Mayon Mercy Mission" ng Metro Manila Council.

Sa pagtutulungan ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO), Valenzuela City Disaster Risk Reduction and Management Office (VCDRRMO), Bureau of Fire and Protection-Valenzuela at ng tanggapan ni Senator WIN Gatchalian, naihatid noong Pebrero 25 hanggang 28, 2018 ang 2,000 relief packs bilang ayuda ng lungsod sa mga nasalanta sa Lungsod ng Legazpi na pansamantalang inilipat sa Guinobatan, Albay.

Gayundin, nagkaloob ang pamahalaang lungsod ng Php20,000 burial assistance sa aabot sa 112 pamilya ng mga nasawi sa landslide sa Itogon, Benguet dulot ng bagyong Ompong. - *Janine Aguarino*





Mark Cayabyab



**KONSEHAL GHOGO LEE**

**LIGA NG MGA BARANGAY PRESIDENT**

*Barangay Mabolo*



# BAGO NATING **KASANGGA** SA BARANGAY






**KONSEHAL CHIQUI CARREON**

*Barangay Maputang Lupa*

**SK FEDERATION PRESIDENT**

# HALIGI NG DANGAL

## People's Choice 2018




Valenzuela City People's Park



## VALENZUELA PEOPLE'S PARK WAGI SA HALIGI NG DANGAL AWARDS

Iginawad ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at National Committee on Architecture and the Allied Arts sa Valenzuela People's Park ang Haligi ng Dangal 2018 People's Choice Award noong Nobyembre 21. Ibinoto ng higit sa 14,000 katao sa loob at labas ng lungsod sa pamamagitan ng Facebook page ng patimpalak ang parke sa hanay ng sampung finalists. - *Janine Aguarino*


Rodrigo De Guzman







# WALANG BITIN SA VALENZUELA **FOOD FIESTA AT CHRISTMAS BAZAAR 2018**

Maligaya at masagana ang kapaskuhan para sa mga Valenzuelano ngayong taon sa muling pagbubukas ng Valenzuela Food Fiesta at Christmas Bazaar sa kahabaan ng CJ Santos Street sa Barangay Karuhatan.

Tumakbo mula Disyembre 1 hanggang 23, 2018, nakapili ang mga Valenzuelano sa 41 food stalls at tatlong food trucks na mayroong ibat-ibang uri ng pagkain at inumin. Samantalang 40 non-food stalls naman ang nagbebenta ng mga damit, sapatos, laruan, mga produktong pampaganda, at marami pang iba.

Hindi lamang ito para sa mga parokyanong Valenzuelano na naghahanap ng mapapasyalan sa ating lungsod, malaking oportunidad din ito para sa mga small and medium enterprise upang maitaguyod ang kanilang negosyo at magkaroon ng dagdag na kita. Libre ang pagrenta sa mga stall at hinikayat lamang silang magbigay ng donasyon para sa Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program. - *Chatty Anne Decena*

Rodrigo De Guzman

Muling inilawan ang Tree of Hope noong Nobyembre 23, 2018 sa Valenzuela People's Park. Ang gayak ng puno ngayong taon ay nakatuon sa temang "White Christmas."

Sa kauna-unahang pagkakataon, tatlong Tree of Hope ang inilawan nang sabay-sabay sa magkakahiwalay na lugar. Ang pinakamalaking puno na may taas na 50 talampakan sa Valenzuela City People's Park, at ang mga puno sa bagong kampus ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) at sa Disiplina Village Bignay.

Inialay ang pag-iilaw ngayong taon sa pitong kabataang Valenzuelano na naging topnotcher sa board examination sa iba't ibang larangan.

Tradisyonal na iniilawan ang Tree of Hope mula pa noong taong 2004 bilang pagbubukas sa selebrasyon ng Kapaskuhan sa Lungsod ng Valenzuela. *- Zyan Caiña*



# Lighting of the Tree of Hope





Rodrigo De Guzman (1, 2, 4, 5, 6); Percival de Guzman (3)

# PASKONG Valenzuelano 2018




Disiplina Village Bignay



Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela

Isay Halaba (1, 2, 3, 4, 5); Rafael Delfino (7, 8); Derick Labaguen (6, 9)